

Kabanata 19

Mga Realidad Kay-Cristo (In-Christ Realities)

Sa buong mga sulat sa Bagong Tipan, makikita natin ang mga pariralang tulad ng “kay Cristo,” “kasama si Cristo,” “sa pamagitan ni Cristo, at “sa Kanya.” Kadalasang ibinubunyag ng mga ito ang ilang benepisyong tinataglay natin bilang mananampalataya dahil sa ginawa ni Jesus para sa atin. Kapag nakikita natin ang ating sarili tulad ng pagtingin sa atin ng Diyos, “kay Cristo,” matutulungan tayong mamuhay nang tulad ng nais ng Diyos. Ang ministrong tagalikha-ng-alagad ay magnanais magturo sa kanyang mga alagad kung sino sila kay Cristo upang tulungan silang espiritwal na lumago nang may kaganapan.

Una, ano ang ibig sabihin ng pagiging “kay Cristo”?

Kapag tayo’y naipanganak muli, nailalagay tayo sa katawan ni Cristo at nagiging isa kasama Niya, sa espiritwal na kahulugan. Tingnan natin ang ilang berso sa Bagong Tipan na nagpapatotoo dito:

Gayundin naman, kahit na tayo’y marami, nabubuo tayo sa iisang katawan *ni Cristo* (Ro. 12:5, idinagdag ang pagdidiin).

Ang nakikipag-isa sa Panginoon ay nagiging *kaisa Niya* sa Espiritu (1 Cor. 6:17, idinagdag ang pagdidiin).

Kayo ngang lahat ang iisang *katawan ni Cristo, at bawa’t isa sa inyo ay bahagi* (1 Cor. 12:27, idinagdag ang pagdidiin).

Tayong naniwala sa Panginoong Jesu Cristo ay dapat tumingin sa ating sarili bilang kasugpong Niya, bahagi ng Kanyang katawan at isang espiritu kasama Niya. Nasa atin Siya at tayo’y nasa Kanya.

Narito ang isang berso na nagsasabi sa atin ng ilang benepisyong ating taglay dahil sa ating pagiging kay Cristo:

Sa Kanya nagmula ang buhay na taglay ninyo dahil sa pakikipag-isa ninyo *kay Cristo*

Jesus na siyang ginawang karunungan natin. Sa pamamagitan din Niya, tayo’y itinuring na matuwid, ginawang banal at iniligtas ng Diyos (1 Cor. 1:30, idinagdag ang pagdidiin).

Kay Cristo, itinuring tayong matuwid (idineklarang “walang sala” at ngayon gawin ang tama), napagtibay (ibinukod para sa gawaing banal ng Diyos), at tinubos (binili mula sa pagkaalipin). Hindi tayo *naghihintay* upang maging matuwid, mapagtibay o matubos sa isang panahon sa kinabukasan. Bagkus, nasa atin na ngayon ang lahat ng pagpapapalang iyon dahil tayo ay na kay Cristo.

Kay Cristo napatawad ang mga dating kasalanan natin:

Iniligtas Niya tayo sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat sa kaharian ng Kanyang minamahal na Anak *na* nagpalaya at nagdulot sa atin ng *kapatawaran sa ating mga kasalanan* (Col. 1:13-14, idinagdag ang pagdidiin).

Pansinin na ang siping ito ay nagsasabi rin na wala na tayo sa kaharian ni Satanas, ang kapangyarihan ng kadiliman, kundi nasa kaharian na tayo ng liwanag, ang kaharian ni Jesus.

Kaya’t kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito’y napalitan na ng (2 Cor. 5:17, idinagdag ang pagdidiin).

Purihin ang Diyos na kung ikaw ay isang tagasunod ni Cristo, ikaw ay isang “bagong nilalang,” tulad ng isang higad na naging paruparo! Nabigyan ang iyong espiritu ng isang bagong kalikasan. Noong araw taglay mo ang makasariling kalikasan ni Satanas sa iyong espiritu, nguni’t ngayon lahat ng iyong nakaraan ay “namatay na.”

Marami pang Pagpapala kay Cristo (More Blessings in Christ)

Dahil sa inyong pananalig *kay Cristo Jesus*, kayong lahat ay Anak ng Diyos (Gal. 3:26, idinagdag ang pagdidiin).

Hindi ba kamangha-manghang malaman na tunay tayong anak ng Diyos, ipinanganak sa Espiritu? Kapag pumupunta tayo sa Kanya sa panalangin, lumalapit tayo sa Kanya hindi lamang bilang Diyos kundi bilang Ama!

Sapagka't tayo'y nilalang ng Diyos; nilikha sa pamamagitan *ni Cristo Jesus* upang iukol natin ang ating buhay sa paggawa ng mabuti. Iyan ang layuning pinili ng Diyos para sa atin noong una pa man (Efe. 2:10, idinagdag ang pagdidiin).

Hindi lang tayho nilalang ng Diyos, binuhay Niya rin tayong muli *kay Cristo*. Dagdag pa, nagtalaga na ang Diyos ng ministryong tutuparin ng bawa't isa sa atin, "mabubuting gawa...noong una pa lang." Bawa't isa sa atin ay may indibidwal na banal na kapalaran.

Hindi nagkasala si Cristo, nguni't dahil sa atin, Siya'y itinuring na makasalanan upang *sa pamamagitan Niya* ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos (2 Cor. 5:21, idinagdag ang pagdidiin).

Ang pagiging matuwid na taglay natin dahil na kay Cristo tayo ay talagang pagiging matuwid mismo ng Diyos. Iyan ay dahil nanahan sa atin ang Diyos at binago tayo ng Espiritu Santo. Ang ating mabubuting gawa ay talagang mabubuting gawa ng Diyos sa pamamagitan natin.

Sa lahat ng mga ito, tayo'y siguradong magtatagumpay *sa pamamagitan Niya* na nagmamahal sa atin (Ro. 8:37, idinagdag ang pagdidiin).

Ano ang "mga ito" na tinutukoy ni Pablo? Ang mga berso sa Roma na nauna sa bersong ito ay nagbubunyag na ito ang mga pagsubok at paghihirap na nararanasan ng mga mananampalataya. Kahit sa pagmamartir tayo ang nagtagumpay, bagama't maituturing ng mundo na tayo'y biktima. Lahat ay lipos nating napagtatagumpayan sa pamamagitan ni Cristo dahil kapag namatay tayo, tayo'y pupunta sa langit!

Ang lahat ng ito’y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin *ni Cristo* (Fil. 4:13, idinagdag ang pagdidiin).

Sa pamamagitan ni Cristo, walang imposible sa atin dahil binibigyan tayo ng Diyos ng kakayahan at lakas. Magagawa natin ang anumang gawaing ibinibigay Niya sa atin.

At buhat sa hindi mauubos na kayamanan ng Diyos, ibibigay Niya ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan *ni Cristo Jesus* (Fil. 4:19, idinagdag ang pagdidiin).

Maaasahan natin na ibibigay ng Diyos ang tunay nating kailangan kung uunahin nating hanapin ang Kanyang kaharian. Ang Panginoon ang ating pastol, at inaalagaan Niya ang Kanyang mga tupa!

Pagsang-ayon sa Sinasabi ng Diyos (Agreeing With What God Says)

Sa malas, ang ilan sa atin ay hindi naniniwala sa sinasabi tungkol sa atin ng Salita ng Diyosi natin ng mga salungat sa sinasabi ni Biblia. Sa halip na sabihing, “Magagawa ko lahat dahil kay Cristong nagpapalakas sa akin” sinasabi natin, “Palagay ko, di ko magagawa.”

Ang mga naturang pahayag ay tinatawag ng Biblia na “masamang ulat” dahil salungat sila sa sinasabi ng Diyos (tingnan ang Bil. 13:32). Nguni’t kung ang ating puso ay puno ng Salita ng Diyos, mapupuno tayo ng pananampalataya, naniniwala at nagsasabi lamang ng sang-ayon sa Biblia.

Ilang Deklarasyong Biblikal (Some Biblical Declarations)

Dapat nating paniwalaan at sabihing tayo ay ang sinasabi ng Diyos na tayo.

Dapat nating paniwalaan at sabihing magagawa natin ang sinasabi ng Diyos na magagawa natin.

Dapat nating paniwalaan at sabihing ang Diyos ang Siyang sinasabi Niyang Siya.

Dapat nating paniwalaan at sabihing gagawin ng Diyos ang sinabi Niyang gagawin Niya.

Narito ang ilang biblikal na pahayag na may katapangang maidedeklara ng lahat ng mananampalataya. Hindi lahat ay kailangang mga realidad “kay Cristo”, nguni’t lahat ay ayon sa Biblia.

Ako ay iniligtas, ginawang banal at ginawang matuwid kay Cristo (see 1 Cor. 1:30).

Ako ay inilipat mula sa kaharian ng kadiliman sa kaharian ng Anak ng Diyos, ang kaharian ng liwanag (tingnan ang Col. 1:13).

Lahat ng aking kasalanan ay pinatawad na kay Cristo (tingnan ang Efe. 1:7).

Ako ay isang bagong nilalang kay Cristo—wala na ang dati kong pagkatao (tingnan ang 2 Cor. 5:17).

Noong una pa man, inihanda na ng Diyos ang mabubuting gawain para sa akin (tingnan ang Efe. 2:10).

Dahil kay Cristo, ako’y naging matuwid sa harap ng Diyos (tingnan ang 2 Cor. 5:21).

Napagtatagumpayan ko ang lahat sa pamamagitan ni Cristo na nagmamahal sa akin (tingnan ang Ro. 8:37).

Nagagawa ko ang lahat dahil da lakas na kaloob sa akin ni Cristo (tingnan ang Fil. 4:13).

Ibinibigay ang lahat ng aking kailangan buhat sa hindi mauubos na kayamanan ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo (tingnan ang Fil. 4:19).

Hinirang ako ng Diyos na maging Kanya (tingnan ang 1 Cor. 1:2).

Ako ay anak ng Diyos (tingnan ang Jn. 1:12, 1 Jn. 3:1-2).

Ang aking katawan ay templo ng Espiritu Santo (tingnan ang 1 Cor. 6:19).

Hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo na nabubuhay sa akin (tingnan ang Gal. 2:20).

Iniligtas ako mula sa kapangyarihan ni Satanang (tingnan ang Gw. 26:18).

Ibinuhos ng Espiritu Santo ang pag-ibig ng Diyos sa aking puso (tingnan ang Ro. 5:5).

Mas makapangyarihan Siyang nasa akin kaysa sa kanyang (Satanang) nasa mga makasanlibutan (tingnan ang 1 Jn. 4:4).

Ako’y pinagpapala ng bawa’t pagpapalang espiritwal at makalangit kay Cristo (tingnan ang Efe. 1:3).

Kasama ko si Cristo sa kalangitan, malayo sa lahat ng kapangyarihan ni Satanang (tingnan ang Efe. 2:4-6).

Dahil mahal ko ang Diyos at tinawag ako ayon sa Kanyang layunin, ginagawa ng Diyos ang lahat para sa aking ikabubuti (tingnan ang Ro. 8:28).

Kung ang Diyos ay panig sa akin, sino ang makakalaban sa akin? (tingnan ang Ro. 8:31).

Walang makapaghihiwalay sa akin sa pag-ibig ni Cristo (tingnan ang Ro. 8:35-39).

Mangyayari ang lahat sa akin dahil ako'y (tingnan ang Mc. 9:23).

Ako ay isang pari ng Diyos (tingnan ang Rev. 1:6).

Dahil anak Niya ako, pinapatnubayan ako ng Kanyang Espiritu (tingnan ang Rom. 8:14).

Habang sumusunod ako sa Panginoon, ang daan ng aking buhay ay liwanag na patindi nang patindi (tingnan ang Kaw. 4:18).

Binigyan ako ng Diyos ng natatanging kaloob upang gamitin sa Kanyang karangalan (tingnan ang 1 Ped. 4:10-11).

Makapagpapaalis ako ng mga demonyo at makapagpatong ng kamay sa mga maysakit upang sila'y gumaling (tingnan ang Mc. 16:17-18).

Lagi akong inakay ng Diyos sa tagumpay kay Cristo (tingnan ang 2 Cor. 2:14).

Isa akong embahador para kay Cristo (tingnan ang 2 Cor. 5:20).

May buhay akong walang-hanggan (tingnan ang Jn. 3:16).

Lahat ng ipinanalangin ko, sa pananalig, ay aking natatanggap (tingnan ang Mt. 21:22).

Pinagaling ako ng mga sugat ni Jesus (tingnan ang 1 Ped. 2:24).

Ako ang asin ng sangkatauhan at ilaw ng sanlibutan (tingnan ang Mt. 5:13-14).

Ako ay tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Jesu Cristo (tingnan ang Ro. 8:17).

Bahagi ako ng lahing pinili, grupo ng maharlikang pari, isang bansang nakalaan sa Diyos, bayang pag-aari ng Diyos (tingnan ang 1 Ped. 2:9).

Bahagi ako ng katawan ni Cristo (tingnan ang 1 Cor. 12:27).

Si Yahweh ang aking pastol, hindi ako magkululang (tingnan ang Awit 23:1).

Ang Panginoon ang aking kaligtasan—sino ang aking katatakutan? (tingnan ang Awit 27:1).

Gagantimpalaan ako ng Diyos ng mahabang buhay (tingnan ang awit 91:16).

Pinasan ni Cristo ang aking karamdaman at pinagaling ang aking karamdaman (tingnan ang Isa. 53:4-5).

Ang Panginoon ang tumutulong sa akin, hindi ako matatakot (tingnan ang Heb. 13:6).

Ipinagkakatiwala ko sa Diyos ang aking mga alalahanin, dahil nagmamalasakit Siya sa akin (tingnan ang 1 Ped. 5:7).

Nilalabanan ko ang diyablo, ay lumalayo siya sa akin (tingnan ang San. 4:7).

Nakakamtan ko ang aking buhay sa pagkawala nito alang-alang kay Jesus (tingnan ang Mt. 16:25).

Ako ang alip0in ng Panginoon (tingnan ang 1 Cor. 7:22).

Para sa akin, si Cristo ang aking buhay, at kahit kamatayan ay pakinabang (tingnan ang Fil. 1:21).

Ako ay mamamayan ng langit (tingnan ang Fil. 3:20).

Lulubusin ng Diyos ang mabuting gawang pinasimulan Niya sa akin (tingnan ang Fil. 1:6).

Ang Diyos ang kumikilos sa akin, upang naisin ko at isagawa ang kanyang kalooban (tingnan ang Fil. 2:13).

Tinubos ako mula sa sumpa ng kasunduan (tingnan ang Gal. 3:13).

Maliit lang itong patikim ng mga positibong pahayag na magagawa natin batay sa Salita ng Diyos. Mainam na ugaliing bigkasin ang mga pahayag na ito hanggang ang mga pinapatotoong katotohanan ay maiukit sa ating puso. At dapat nating bantayan ang bawa't salitang lalabas sa ating mga bibig upang tiyaking hindi tayo pumapanig laban sa sinabi ng Diyos.